III -6 Basura (*Gomi*)

1.Pagtatapon ng basura

Pinapatupad ang sistema ng pagbubukod-bukod sa pagtitipon ng basura upang mabawasan ang dami nito at upang maitaguyod ang recycling.

Paghiwalay ng basura:

- Nasusunog
- Hindi nasusunog
- Diyaryo, Magasin, Lata, at pet bottle

Ang hindi pagtupad sa mga alituntunin at tamang paraan ng pagtatapon ng basura, kahit na mag-kapwa Hapon, ay nagiging simula ng gulo o away ng mga magkakapitbahay.

Ang mga hindi dapat gawin:

(1) Pagtatapon ng basura sa hindi takdang araw
(2) Pagtatapon ng basura sa hindi takdang lugar
(3) Hindi paghihiwalay ng basura ayon sa uri

Alalahanin na ang sistemang ito at alituntunin ng pagtatapon ng basura ay magkakaiba ayon sa lugar o munisipyo. Maaari itong itanong sa kapit bahay o sa inyong munisipisyo. Mayroon ding munisipyong nagbibigay ng bilin sa iba't ibang wika.

2. Iba pang uri ng Basura

(1) Baterya, Bote at Iba pang Uri ng Basura

Ang baterya ay may halong nakakalason o delikadong materiyal kaya't kinakailangan ng ispesyal na paraan sa pagtatapon nito. Dahil dito, ang pagsasauli sa kahon ng bateriya sa pinagbilhan nitong tindahan ay isang alituntunin. Ang pagsasauli ng mga bote at lata ng ininumang beer, juices atbp. sa pinagbilhan nitong tindahan ay hinihikayat upang mabawi ang deposito.

Tanungin ang tindahan tungkol dito.

(2) Plastik na Lalagyan o Pambalot

Lalagyan o pambalot ng anuman bagay na gawang plastik, at mga pet bottles ay itatapon sa takdang araw para dito.

(3) Mga Malalaking Basura

Ang mga kasangkapan o kagamitang de-koryenteng hindi na nagagamit o hindi na umaandar ay maaaring itapon sa takdang araw ng pagtatapon ng malalaking basurahan (Sodai-gomi), o kaya naman ay maaaring ihiling na ipakuha na lamang. Depende sa munisipyo, may mga lugar na may- bayad ang ganitong sistema.

(4) Air-Conditioner, TV, Refrigerator at Washing Machine

Sa pagtatapon ng mga kasangkapan tulad ng TV, Refrigirator at Washing machine, kinakailangang itawag sa tindahang pinagbilhan (o sa pagbibilhan ng parehong uri ng kasangkapan), at ipakuha ang nasabing kasangkapan. May bayad ang ganitong serbisyo. Ang mga nasabing kasangkapan ay iri-recycle ng manufacturer nito. Hindi nangongolekta ang munisipyo o ang iba pang opisinang pampubliko

(Impormasyon) Household Appliances Recycle Law
URL http://www.meti.go.jp/policy/kaden_recycle/ (Ingles at Chinese)